

ANNEX F

PAMPUBLIKONG IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO

PANUKALA PARA SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO [T304-40 Cotton]

1. Pangalan ng Aplikante: Bayer CropScience, Inc.
2. Address ng Aplikante: 3/F Bayer House, Canlubang Industrial Estate
Calamba, Laguna
3. Telepono/Facsimile/E-mail Address ng Aplikante:
Tel: +63 2 226 4888
Fax: +63 3 450 5474
celsa.quimio@bayer.com
4. Pangalan ng Kaukulang Opisyal/Awtorisadong Kinatawan: Recher E. Ondap/Celsa A. Quimio
5. Deskripsyon ng Artikulo para sa Direktang Paggamit:
Taglay ng T304-40 ang protinang Cry1Ab, base sa *cry1Ab* gene mula sa *Bacillus thuringiensis* at protinang PAT, base sa *bar* gene mula sa *Streptomyces hygrosopicus*.
6. Bansang Pagmumulan ng T304-40: Estados Unidos
7. Maikling Buod ng Potensyal na Epekto sa Kalusugan ng Tao at Hayop at sa Kalikasan
Masusing mga pagsusuri ang nagpapatunay na ang T304-40 ay ligtas para gamiting pagkain, pakain sa hayop o sa pagpoproseso. Ang mga isinagawang pagsasaliksik ukol sa toksikolohiya ng mga protinang Cry1Ab at PAT mula sa T304-40 ay hindi nagpakita ng indikasyon na ito ay banta sa kalusugan ng tao at hayop at sa kalikasan. Ang Cry1Ab at PAT ay kapwa mabilis na natutunaw kaya hindi maaring magdudulot ang mga ito ng ikababahalang reaksiyon kaugnay sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang mga organismong pinagmulan at ang mga genes mismo na ipinasok sa T304-40 ay likas at laganap sa kapaligiran.
8. Maikling Buod ng mga Potensyal na Benepisyo
Nagbibigay ang T304-40 ng dagdag na epektibong alternatibo na maaring mapagpilian ng mga magsasaka sa pagkontrol ng mga nakasisirang insekto at damo ng halamang bulak partikular sa mga bansa kung saan pinapayagang itanim ito. Ang Cry1Ab ay nagbibigay bisang labanan ang mga insektong lepidopteran tulad ng cotton bollworm at tobacco budworm habang ang PAT ay nagbibigay tibay na kayanin ang pamuksang-damo na glufosinate ammonium.
9. Mga Bansa na Nakapagbigay na ng Pahintulot Para Gamiting Pagkain o Pakain sa Hayop:
Ang T304-40 ay nasuri na at binigyang pahintulot para gamitin bilang pagkain at/o kaya pagkain sa hayop sa Australia/New Zealand, Brasil, Canada, Tsina, Japan, Korea, Mexico, Taiwan at Estados Unidos.

Iniiimbihan ang publiko na magsumite ng kanilang mga komento sa Direktor ng BPI (sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng paglathala) ukol sa panukala para sa direktang paggamit bilang pagkain o pakain sa hayop o para sa pagpoproseso ng T304-40.

Director
Bureau of Plant Industry
San Andres, Malate, Manila
Telephone Number: 404-0409
E-Mail bpibiotechsecretariat@yahoo.com

Inaprubahan para Ilathala: _____
VIVENCIO R. MAMARIL, PhD.
OIC-Director
Bureau of Plant Industry
Date: